
INILALARAWAN SA ABISONG ITO, KUNG PAANO POSIBLENG GAMITIN AT IHAYAG ANG PANGKALUSUGAN AT MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO, KUNG PAANO NINYO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO, ANG INYONG MGA KARAPATAN KAUGNAY NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN NINYO, KUNG PAANO MAGHAIN NG REKLAMO NA NAUUGNAY SA PAGLABAG SA PRIVACY O SEGURIDAD NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN NINYO, O SA INYONG MGA KARAPATAN NA NAUUGNAY SA INYONG IMPORMASYON.

PAKISURI ITO NANG MABUTI.

Mayroon kayong karapatang magkaroon ng kopya ng abisong ito (Sa papel o electronic na anyo) at talakayin ito sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan sa toll-free na Privacy Hotline sa 1-855-729-6040 O mag-email sa compliance.privacy@sfdph.org kung mayroon kayong anumang tanong.

SINO ANG SUSUNOD SA ABISONG ITO:

Ang Abiso ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH) ng San Francisco ay naaangkop sa mga sumusunod:

- ◆ Sinuman na pinapayagang maglagay ng impormasyon sa inyong rekord sa kalusugan sa DPH.
- ◆ Lahat ng departamento at unit ng DPH, mga affiliate ng DPH, at mga provider ng kontrata/kasosyo sa negosyo ng DPH na pinapayagang magbasa, gumamit, o magbigay ng personal na impormasyon sa kalusugan ng mga pasyente.
- ◆ Mga miyembro ng mga grupo ng boluntaryo na tumutulong sa inyo habang tumatanggap kayo ng pangangalaga mula sa DPH.
- ◆ Mga manggagawa sa industriya ng kalusugan ng DPH at mga empleyado ng University of California sa San Francisco na nakikipagtulungan sa DPH.
- ◆ Mga taong pumapasok sa paaralan para maging manggagawa sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan at kanilang mga guro na tumutulong na magbigay ng inyong pangangalagang pangkalusugan sa DPH, halimbawa, mga medikal na residente, medikal na estudyante, estudyante sa nursing, fellow, o graduate student.

PANGAKO NG DPH TUNGKOL SA IMPORMASYON SA KALUSUGAN:

Sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, alam naming personal ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo at ang kalusugan ninyo. Ipinapangako naming poprotektahan ang impormasyon sa kalusugan ninyo. Gumagawa kami ng rekord ng pangangalaga at mga serbisyong natatanggap ninyo sa DPH. Kinakailangan ang rekord na ito para makapagbigay sa inyo ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at para makatugon sa batas ng California at pederal. Naaangkop ang Abisong ito sa lahat ng rekord ng inyong pangangalaga na itinatabi ng DPH.

Itinatala at itinatabi ng DPH ang impormasyon ng pasyente sa papel at sa mga computer. Ibinabahagi sa isa't isa ng mga manggagawa sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan, nurse, at doktor ang impormasyong ito para mapangalagaan ang inyong kalusugan.

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

Ang batas ay nag-aatas sa DPH na:

- ◆ Magtabi ng rekord ng pangangalaga na ibinibigay nito sa inyo;
- ◆ Tiyaking pinapanatiling pribado (nang may ilang partikular na eksepsyon) ang impormasyon sa kalusugan na puwedeng gamitin para matukoy ang pagkakakilanlan ninyo;
- ◆ Sumunod sa Batas sa Walang Diskriminasyon sa Genetic na Impormasyon (Genetic Information Nondiscrimination Act, GINA) para maiwasang magamit o maihayag ang genetic na impormasyon para sa mga layunin sa diskriminasyon o pinansyal na usapin;
- ◆ Ibigay sa inyo ang Abisong ito tungkol sa mga legal na tungkulin at mga kagawian sa privacy ng DPH;
- ◆ Sundin ang Abiso na kasalukuyang may bisa; at
- ◆ Ipapaalam namin sa inyo kaagad kung may maganap na paglabag sa privacy na posibleng nagkompromiso sa privacy o seguridad ng inyong impormasyon

ANG INYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA IMPORMASYON SA KALUSUGAN TUNGKOL SA INYO:

Sa pangkalahatan, mayroon kayo ng mga sumusunod na karapatan hinggil sa pangkalusugan impormasyon na itinatabi ng DPH tungkol sa inyo:

- ◆ **Karapatang Humiling na Magsuri at Magkopya.** Mayroon kayong karapatang humiling na tumingin, magbasa, at makakuha ng kopya ng impormasyon sa kalusugan na ginagamit para makagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Kabilang dito ang mga medikal na rekord at mga rekord sa pagsingil. Kung gusto ninyong tumingin at makakuha ng kopya ng impormasyon sa kalusugan na ginagamit para makagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga, dapat ninyong ipadala, o ihatid sa mga regular na oras ng negosyo, ang inyong nakasulat na kahilingan sa tanggapan ng mga medikal na rekord sa lokasyon kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Abisong ito para sa listahan ng mga address). Kung hihingi kayo ng kopya ng impormasyon, posibleng hilingin sa inyo ng DPH na magbayad para sa pagkopya, pagpapadala, o pagkuha ng iba pang supply na kinakailangan para makatugon sa inyong kahilingan.
- ◆ **Karapatan na Pahintulutan ang Pagbabahagi ng Impormasyon sa Kalusugan.** Mayroon kayong karapatan na hilingin sa DPH na magpadala ng mga kopya ng inyong impormasyon sa kalusugan sa kahit kanino ninyo gusto kabilang ang inyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang nauugnay sa inyong pangangalaga; iba pang indibidwal, at mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi namin puwedeng ibahagi ang impormasyon tungkol sa inyong disorder sa paggamit ng substance para sa paggamot o pagbabayad nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot. Puwede ninyong hilingin anumang oras sa DPH na ihinto ang inyong hiniling na pagbabahagi ng impormasyon sa kalusugan ninyo. Para hilingin sa DPH na ibahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga taong itatakda ninyo, dapat ninyo itong hilingin sa kasulatan. Ipadala o dalhin ang inyong kahilingan sa tanggapan ng mga medikal na rekord sa site kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Abisong ito para sa listahan ng mga address).
- ◆ **Karapatang Humiling ng Mga Pagbabago.** Kung sa tingin ninyo ay mali o hindi kumpleto ang impormasyon sa kalusugan na itinatabi ng DPH tungkol sa inyo, mayroon kayong karapatang hilingin sa DPH na baguhin ang impormasyon, o na sumulat ng addendum na isasama sa inyong rekord ng kalusugan. Mayroon kayong karapatang hilingin sa DPH na baguhin ang inyong impormasyon sa kalusugan hanggang sa hawak nila ang impormasyon. Para humiling ng pagbabago, ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa tanggapan ng mga medikal na rekord ng site kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga. Bukod pa rito, dapat ninyong ipaliwanag kung bakit ninyo gustong baguhin ang inyong impormasyon sa kalusugan.

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

Posibleng “hindi” ang isagot ng DPH sa inyong kahilingan kung hindi ito nakasulat o hindi ipinapaliwanag dito ang dahilan kung bakit ninyo gustong baguhin ang impormasyon. Bukod pa rito, posibleng tanggihan ng DPH ang inyong kahilingan kung hinihiling ninyo na baguhin ang impormasyon na:

- Hindi ginawa ng mga manggagawa sa industriya ng kalusugan ng DPH;
- Itinala ng tao na hindi na maisasagawa ang pagbabago;
- Hindi bahagi ng impormasyon sa kalusugan na itinatabi ng o para sa DPH;
- Hindi bahagi ng impormasyon na papayagan kayong tingnan at kopyahin; o
- Napag-alamang tama at kumpleto.

Dapat naming sabihin sa inyo kung bakit hindi namin isinasagawa ang pagbabago sa loob ng 60 na araw pagkatapos ng inyong kahilingan. Mayroon kayong karapatang magsumite ng nakasulat na addendum (karagdagang) na hindi lalampas sa 250 salita hinggil sa anumang item o pahayag sa inyong rekord na sa palagay ninyo ay hindi kumpleto o mali. Kung sasabihin ninyo sa amin sa kasulatan na gusto niyong maisama sa inyong mga medikal na rekord ang karagdagan, ilalakis namin ito sa inyong mga rekord.

- ◆ **Karapatan sa Accounting ng Mga Paghahayag.** Mayroon kayong karapatang masabihan tungkol sa dami ng beses na ibinahagi namin ang inyong impormasyon sa kalusugan. Ang “Accounting ng Mga Paghahayag” na ito ay isang listahan ng mga tao sa labas ng DPH na pinagbahagian ng DPH ng inyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin bukod pa para maibigay ang inyong pangangalagang pangkalusugan, magbayad para sa inyong pangangalagang pangkalusugan o magsagawa ng iba pang aktibidad na kinakailangan para sa mga operasyon nito. Para hilingin ang listahang ito, dapat ninyong ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa tanggapan ng mga medikal na rekord sa site kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Abisong ito para sa listahan ng mga address). Mula sa araw ng pagsusumite ng inyong kahilingan, puwede ninyong hilingin sa DPH na magbigay sa inyo ng accounting ng pinagbahagian ng inyong impormasyon na hanggang anim na taon ayon sa ipinapahintulot ng Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA). Para sa anumang impormasyon tungkol sa inyong disorder sa paggamit ng substance, puwede ninyong hilingin ng hanggang tatlong taon bago ang petsa ng inyong kahilingan kung kanino at bakit namin ito ibinahagi. Libre ang unang listahan na hihilingin ninyo sa loob ng 12 buwan. Posibleng hilingin sa inyo ng DPH na magbayad para sa mga karagdagang listahan. Ipapaliwanag sa inyo ang mga gastusin, at puwede kayong magpasya na kanselahin o baguhin ang inyong kahilingan anumang oras bago may singilin sa inyo.
- ◆ **Karapatang Humiling ng Mga Paghihigpit.** Mayroon kayong karapatang hilingin sa DPH na huwag ibahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon. Dahil nauukol ito sa paggamot sa pangangalaga, ang DPH at mga affiliate nito, at/o kanilang mga doktor ay hindi kailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan partikular kung makakasama ito sa inyong pangangalaga. Para humiling ng mga paghihigpit, dapat ninyong ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa tanggapan ng mga medikal na rekord sa site kung saan ibinigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Abisong ito para sa listahan ng mga address). Kung magbabayad kayo nang buo para sa isang serbisyo o item sa pangangalagang pangkalusugan nang out-of-pocket, puwede ninyong hilingin sa DPH na huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa layunin sa pagbabayad o sa aming mga operasyon sa inyong insurer sa kalusugan. Sa sitwasyong ito, aaprubahan ang inyong kahilingan maliban na lang kung ipag-aatas ng batas sa DPH na ibahagi ang impormasyong iyon.
- ◆ **Karapatang Humiling ng Mga Kumpidensyal na Komunikasyon.** Mayroon kayong karapatang tukuyin kung saan at paano puwedeng makipag-ugnayan sa inyo ang mga empleyado ng DPH. Halimbawa, puwede ninyong hilingin sa kawani ng DPH na makipag-ugnayan lang sa inyo sa trabaho o sa

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

pamamagitan ng sulat. Ipaalam sa amin sa kasulatan, sa pamamagitan ng pagpapadala ng inyong kahilingan sa site kung saan ibinibigay ang inyong pangangalaga (tingnan ang dulo ng Abisong ito para sa listahan ng mga address). Hindi ninyo kailangang magbigay ng dahilan para sa inyong kahilingan. Aaprubahan ang lahat ng makatuwirang kahilingan. Nakasaad dapat sa inyong kahilingan kung paano ninyo gustong makaugnayan at kung saan ito isasagawa.

- ◆ **Karapatan sa Papel na Kopya ng Abisong Ito.** Mayroon kayong karapatang makatanggap ng papel na kopya ng Abisong ito. Puwede kayong humiling ng kopya ng Abisong ito anumang oras. Kahit na sumang-ayon kayong matanggap ang abisong ito sa electronic na paraan, mayroon pa rin kayong karapatan sa papel na kopya ng Abisong ito. Para makakuha ng papel na kopya ng Abisong ito, magtanong sa alinmang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng DPH. Puwede kayong makakuha ng kopya ng abisong ito sa web site ng DPH, sa [Mga Patakaran sa Privacy ng DPH | SF.gov](https://www.sf.gov/resource--2023--dph-privacy-policies) (<https://www.sf.gov/resource--2023--dph-privacy-policies>)
- ◆ **Pumili ng Isang Tao na Kikilos para sa Inyo.** Kung nagbigay kayo sa isang tao ng medikal na power of attorney o kung legal na tagapangalaga ninyo ang isang tao, magagawa ng taong iyon na gamitin ang inyong mga karapatan at magpasya hinggil sa impormasyon ng kalusugan ninyo. Titiyakin naming may ganitong awtoridad ang tao at makakakilos siya para sa inyo bago kami magsagawa ng anumang aksyon.

PAANO PUWEDENG GAMITIN AT IBAHAGI NG DPH ANG IMPORMASYON NG KALUSUGAN TUNGKOL SA INYO.

Inilalarawan sa mga sumusunod na kategorya ang iba't ibang paraan ng paggamit at pagbabahagi namin ng impormasyon ng kalusugan. Hindi mailalarawan ng DPH sa Abisong ito ang bawat paraan ng paggamit nito ng impormasyon ng kalusugan. Gayunpaman, ang karamihan ng mga paraan ay pasok sa isa sa mga paglalarawang nakasaad sa ibaba. Sa lahat ng sitwasyon, gagamitin ng mga manggagawa sa industriya ng kalusugan, nurse, at doktor ng DPH ang pinakakaunting impormasyong kinakailangan para makapagbigay sa inyo ng pangangalaga. Regular na sinusuri ng DPH ang mga paggamit at pagbabahagi ng mga kawani ng DPH, mga provider ng kontrata nito at mga kawani ng University of California, San Francisco (UCSF) mula sa mga rekord ng DPH para matiyak na naaangkop ang mga ito. Para sa haba ng inyong pananatili at/o insidente ng pangangalaga, puwede kayong magbigay ng iisang pahintulot para sa lahat ng hinaharap na paggamit o paghahayag para sa mga layunin sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

- ◆ **Para sa Paggamot.** Ginagamit namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo at ibinabahagi namin ito sa iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nangangalaga sa inyo. Halimbawa, posibleng kailangang malaman ng doktor na gumagamot sa inyo para sa nabaling hita kung mayroon kayong diabetes dahil posibleng mapabagal ng diabetes ang proseso ng paggaling. Bukod pa rito, posibleng kailangang sabihin ng doktor sa dietitian kung mayroon kayong diabetes makapaghanda ng mga partikular na pagkain. Ang iba't ibang departamento ng DPH ay puwedeng magbahagi ng impormasyon tungkol sa inyo para maibigay ang mga bagay na kailangan ninyo, gaya ng mga gamot, lab test o x-ray. Kung kailangan ninyo ng pangangalaga sa ibang doktor o sa pasilidad sa labas ng DPH, puwedeng magbahagi sa kanila ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para maipalano ang inyong nagpapatuloy na pangangalaga.
- ◆ **Para sa Pagbabayad.** Puwedeng gumamit at magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para ang mga paggamot at serbisyong nakukuha ninyo sa isang site ng pangangalaga ng DPH ay puwedeng singilin sa at makolekta ang bayad mula sa inyo, isang kumpanya ng insurance, o isang third party na serbisyo sa pagbawi ng claim. Puwedeng magbahagi ng impormasyon sa serbisyo sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para makahanap ito ng mga programa para matulungan

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

ang mga pasyente na magbayad para sa kanilang pangangalaga. Posibleng kailangan ding sabihin sa inyong planong pangkalusugan ang tungkol sa paggamot na kailangan ninyo para makakuha ng paunang pag-apruba o para matukoy kung sasagutin ng inyong plano ang paggamot.

- ◆ **Para sa Pagpapatakbo ng Mga Pasilidad sa Pangangalagang Pangkalusugan ng DPH.** Puwedeng gumamit at magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para sa mga operasyon ng DPH. Posibleng kailangang gamitin at ibahagi ng DPH ang impormasyong ito para mapatakbo ang mga programa nito at matiyak na nakakatanggap ang lahat ng pasyente ng DPH ng de-kalidad na pangangalaga. Halimbawa, puwedeng gamitin ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan para suriin ang mga paggamot at serbisyo at para masiyasat ang pangangalaga na natatanggap ninyo mula sa mga manggagawa sa industriya ng kalusugan ng DPH. Ang mga koleksyon ng impormasyon tungkol sa maraming pasyente ng DPH ay puwedeng ihambing sa impormasyon mula sa iba pang lugar ng pangangalagang pangkalusugan na hindi DPH para makita kung puwedeng mapabuti ang pangangalaga at serbisyo sa DPH. Ang impormasyon ay puwedeng ibahagi sa mga doktor, nurse, at technician ng DPH at sa iba pang kawani ng DPH para sa pagsusuri at pagkatuto.
- ◆ **Disorder sa Paggamit ng Substance (Substance Use Disorder, SUD).** Ang pagiging kumpidensyal ng impormasyon tungkol sa disorder sa paggamit ng substance ay mas protektado ng mga regulasyon at maibabahagi lang para sa mga layunin sa paggamot at pagbabayad nang may nakasulat na pahintulot ninyo. Puwede ninyong bawiin ang (baguhin ang isip ninyo tungkol) pagpayag na maibahagi ang inyong impormasyon tungkol sa SUD pero nasa kasulatan dapat ito. Magkakabisa ang inyong pagbawi (pagbabago ng inyong isip) kapag aktwal namin itong matanggap. Hindi mababawi ang anumang impormasyon tungkol sa SUD na naibahagi na. Ang inyong impormasyon tungkol sa SUD, o testimonya batay sa impormasyong ito, ay hindi magagamit laban sa inyo sa anumang paglilitis nang wala ang inyong malinaw na nakasulat na pahintulot o isang kautusan ng hukuman. Kung nakatanggap ng kautusan ng hukuman, dapat na may kasama itong subpoena o katulad na legal na mandato, dapat kayong maabisuhan at mabigyan ng pagkakataong labanan ito.
- ◆ **Mga Paalala Tungkol sa Appointment.** Puwedeng gumamit ang DPH ng impormasyon na mayroon ito tungkol sa inyo para ipaalala sa inyo ang tungkol sa paparating na appointment. Gayunpaman, tandaang mayroon palagi kayong karapatang hilingin sa DPH na makipag-ugnayan sa inyo sa iba pang paraan kung ayaw ninyong matanggap ang paalala tungkol sa appointment sa pamamagitan ng koreo, text, o email.
- ◆ **Direktoryo.** Mayroong ilang partikular na limitadong impormasyon tungkol sa inyo na posibleng kasama sa mga direktoryo ng pasyente sa mga ospital ng DPH kung saan kaya ginagamot. Kabilang sa impormasyong ito ang inyong pangalan, lokasyon sa ospital/klinika, inyong pangkalahatang kundisyon (hal., mabuti, maayos, atbp.) at inyong kinaaanibang relihiyon. Maliban sa inyong kinaaanibang relihiyon, ang impormasyong nasa direktoryo ay puwede ring ibahagi sa mga taong naghahanap sa inyo sa pamamagitan ng pangalan. Ang inyong kinaaanibang impormasyon ay puwedeng ibigay sa isang pari, rabbi o ministro, kahit na hindi niya kayo hanapin sa pamamagitan ng pangalan. Ito ay para mabisita kayo ng inyong pamilya, mga kaibigan at clergy at malaman nila kung kumusta kayo sa pananatili ninyo sa isang ospital ng DPH. Kung ayaw ninyo na ibahagi ng DPH ang inyong pangalan at iba pang impormasyon, dapat ninyo itong ipaalam sa tanggapan ng mga admission sa ospital kung saan kayo tumatanggap ng pangangalaga.

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

◆ **Mga Indibidwal na Nauugnay sa Inyong Pangangalaga o Pagbabayad para sa Inyong Pangangalaga.**

Ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo ay puwedeng ibahagi sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na nauugnay sa at/o responsable para sa inyong medikal na pangangalaga at nangangailangan na malaman ang impormasyon para matulungan kayo. Puwede ring magbigay ng impormasyon sa isang tao na tutulong na magbayad para sa inyong pangangalaga. Bukod pa rito, puwede ring magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo sa isang organisasyong sumusuporta sa aktibidad sa pagtulong sa panahon ng kalamidad para masabihan ang inyong pamilya tungkol sa inyong kundisyon, kalagayan at kinaroroonan.

◆ **Pananaliksik** Puwedeng gumamit at maghayag ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para sa pananaliksik sa dalawang paraan. Una, puwede itong gamitin ng mga mananaliksik sa mga pag-aaral na hiniling sa inyong salihan ninyo, kung saan sumasang-ayon kayong aktwal na gumamit ng gamot o sumailalim sa paggamot kung saan pinag-aaralan ang bisa nito. Sa mga ganitong uri ng mga pag-aaral, palaging hihilingin sa inyong pumayag na makiisa sa pag-aaral. Pangalawa, puwedeng gumamit at maghayag ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo nang hindi tinutukoy ang pagkakakilanlan ninyo. Halimbawa, sa isang proyektong pananaliksik, posibleng magsagawa ng paghahambing ng kalusugan at paggaling ng lahat ng pasyenteng nakatanggap ng isang gamot sa mga pasyenteng nakatanggap ng ibang gamot para sa parehong kundisyon, nang hindi nagdaragdag ng mga pangalan o iba pang personal na impormasyon. Gayunpaman, napapailalim sa espesyal na proseso ng pag-apruba ang lahat ng proyektong pananaliksik na isinasagawa sa DPH. Sa prosesong ito, pinag-aaralan ang isang ipinanukalang proyekto sa pananaliksik at ang paggamit nito ng impormasyon sa kalusugan, para matiyak na kaunti lang ang panganib na naidudulot ng pananaliksik sa inyong privacy. Bago gamitin o ihayag para sa pananaliksik ang impormasyon sa kalusugan at/o impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, ang proyekto ay naaprubahan na sa pamamagitan ng prosesong ito sa pag-apruba sa pananaliksik, at nakalagda na sa panata sa kumpidensyalidad ang mananaliksik.

◆ **Alinsunod sa Ipinag-aatas ng Batas.** Ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo ay puwedeng ibahagi kapag ipinag-aatas ng batas ng pederal, estado, o lokal na gobyerno.

◆ **Para Makaiwas sa Malalang Panganib sa Kalusugan o Kaligtasan.** Ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo ay puwedeng gamitin at ibahagi sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas kapag kinakailangan para makaiwas sa malalang panganib sa inyong kalusugan at kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko. Gayunpaman, ang anumang paghahayag ay sa isang tao lang na makakatulong na makaiwas sa panganib.

MGA ESPESYAL NA SITWASYON:

Sa mga sumusunod na sitwasyon, puwedeng magbahagi ng impormasyon nang walang pagsang-ayon ninyo, kung naaangkop ang mga ito sa inyo:

◆ **Donasyon ng Organ at Tissue.** Kung gusto ninyong mag-donate ng organ, puwedeng magbigay ng impormasyon sa kalusugan sa mga organisasyon na nangangasiwa ng donasyon ng organ o transplantation ng organ, mata, o tissue, o sa isang organ donation bank.

◆ **Mga Militar at Beterano.** Kung isa kayong miyembro ng sandatahang lakas, puwedeng magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo kapag hiningi ng mga pinuno ng militar.

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

- ◆ **Bayad sa Mga Manggagawa** Puwedeng magbigay ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo para sa pagpoproseso sa mga claim para sa bayad ng manggagawa o mga katulad na programa. Ang mga programang ito ay nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na natamo sa o dahil sa trabaho.
- ◆ **Mga Panganib sa Pampublikong Kalusugan.** Posibleng ipag-atas ng batas ng Estado at Pederal na ibahagi ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa pampublikong kalusugan. Karaniwang kabilang sa mga aktibidad na ito ang mga sumusunod:
 - Para maiwasan o makontrol ang sakit, pinsala, o kapansanan;
 - Para makapag-ulat ng mga kapanganakan at pagkamatay;
 - Para makapag-ulat ng mga reaksiyon sa mga gamot o mga problema sa mga produkto sa pangangalagang pangkalusugan;
 - Para maabisuhan ang mga tao tungkol sa mga pag-recall ng mga produkto na posibleng ginagamit nila;
 - Para maabisuhan ang isang tao na posibleng mahawahan o makapanghawa ng sakit o kundisyon; at
 - Para maabisuhan ang isang awtoridad kung may hinalang ang isang pasyente ay naging biktima ng pang-aabuso, kapabayaang, o karahasan sa tahanan alinsunod sa ipinag-aatas ng batas.
- ◆ **Mga Aktibidad sa Pagsubaybay sa kalusugan.** Posibleng ipag-atas ng batas sa DPH na ibahagi ang inyong kalusugan sa impormasyon sa isang ahensya na nagsusuri sa mga aktibidad na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan ng DPH. Kabilang sa mga aktibidad sa pagsusuri ang, halimbawa, mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksyon, at paglilisensya. Ang mga aktibidad na ito ay kinakailangan para masubaybayan ng gobyerno ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programang binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis at pagsunod ng DPH sa mga batas sa karapatang sibil.
- ◆ **Mga Kaso at Dispute.** Kung kayo ay nauugnay sa isang kaso o dispute, posibleng magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo bilang tugon sa kautusan ng hukuman o administrasyon. Ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo ay puwede ring ibahagi bilang tugon sa isang subpoena, kahilingan sa pagtuklas o ibang proseso ng iba pang nauugnay sa isang dispute, pero kung sinubukan lang ng kanilang mga abogado na sabihin sa inyo ang tungkol sa kautusan para mayroon kayong pagkakataong tumutol sa loob ng mga timeline na ipinapatupad ng batas.
- ◆ **Pagpapatupad ng Batas.** Puwedeng magbahagi ng impormasyon sa kalusugan sa opisyal na nagpapatupad ng batas:
 - Bilang tugon sa kautusan ng hukuman, subpoena, warrant, summons o katulad na proseso;
 - Tungkol sa pagkamatay na pinapaniwalaang dahil sa nagawang krimen;
 - Tungkol sa nagawang krimen sa pasilidad ng DPH; at
 - Sa mga emergency na sitwasyon para mag-ulat ng krimen; ang lokasyon ng krimen o ng mga biktima; o ang pagkakakilanlan, paglalarawan o lokasyon ng tao na nakagawa ng krimen.
- ◆ **Mga Coroner at Medikal na Tagasuri.** Posibleng ipag-atas ng batas sa DPH na ibahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan sa isang coroner o medikal na tagasuri. Posibleng kinakailangan ito, halimbawa, para matukoy ang pagkakakilanlan ng patay na tao o malaman ang dahilan ng pagkamatay.
- ◆ **Mga Conservator at Pampublikong Tagapangalaga na Itinatalaga ng Hukuman.** Kahit hindi hilingin sa inyo, puwedeng ibahagi ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga indibidwal na itinakda ng hukuman ng batas para mabantayan ang kalusugan ng inyong katawan at/o pag-iisip at inyong kapakanang pinansyal.
- ◆ **Mga Aktibidad na Nauugnay sa Pambansang Seguridad at Intelligence.** Kahit hindi hilingin sa inyo, puwedeng ibahagi ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga awtorisadong opisyal ng

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

pederal para sa intelligence, counterintelligence at iba pang aktibidad na nauugnay sa pambansang seguridad na awtorisado ng batas.

- ◆ **Mga Serbisyonang Proteksyon para sa Pangulo at Iba Pa.** Puwedeng magbahagi ang DPH ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo sa mga awtorisadong opisyal ng pederal para makapagbigay sila ng proteksyon sa Pangulo o mga pinuno ng estado sa ibang bansa. Puwedeng magbahagi ang DPH ng impormasyon sa kalusugan sa iba pang awtorisadong tao para makapagsagawa ng mga espesyal na imbestigasyon.
- ◆ **Mga preso.** Kung kayo ay preso ng kulungan o bilangguan o sa ilalim ng kustodiya ng opisyal na nagpapatupad ng batas, puwedeng ibahagi ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga kawani ng kulungan/bilangguan o sa mga correctional officer nito. Kakailanganin ng DPH na ibahagi ang impormasyong ito (1) para makapagbigay sa inyo ang kulungan/bilangguan ng pangangalagang pangkalusugan; (2) para maprotektahan ang inyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng mga kawani ng kulungan/bilangguan.
- ◆ **Paggamot na Itinakda ng Hukuman.** Sa mga sitwasyon kung saan ang isang tao ay inutusan na makakuha ng paggamot mula sa DPH sa pamamagitan ng paglilitis kriminal, hihilingin sa indibidwal na aprubahan ang pagbabahagi ng impormasyong iyon sa hukuman. Kung babawiin ng tao sa ibang pagkakataon ang pag-apruba, dapat ipaalam sa hukuman ang sumunod na nangyaring pagtangga ng indibidwal
- ◆ **Sumunod sa Mga Batas ng Estado.** Mayroong ilang partikular na batas ng estado na nagpoprotekta sa ilang uri ng impormasyon sa kalusugan gaya ng ilang partikular na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali at mga resulta ng pagsusuri sa HIV. Susundin namin ang mga batas na ito kapag mas mahigpit ang mga ito kaysa sa abisong ito.

KUNG SA PALAGAY NINYO AY HINDI NAPANATILI ANG INYONG MGA KARAPATAN SA PRIVACY habang tumatanggap ng mga serbisyo ng DPH, puwede kayong maghain ng reklamo sa DPH o sa Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyonang Pangkalusugan at Pantao ng U.S. Ang lahat ng reklamo ay dapat na ipadala nang nasa kasulatan. Pakitingnan ang dulo ng Abisong ito para sa listahan ng mga address at numero ng telepono para sa Tanggapan sa Privacy ng DPH at sa Kalihim. Hindi kayo paparusahan o gagantihan sa anumang paraan dahil sa paghahain ng reklamo.

MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO

Nakalaan sa DPH ang karapatang baguhin ang Abisong ito at gawing may bisa ang nirebisa o binagong Abiso para sa impormasyon sa kalusugan na nakatala na tungkol sa inyo at anumang impormasyong itatala sa hinaharap. Magpapaskil sa mga pasilidad ng pangangalaga ng DPH ng kopya ng kasalukuyang Abiso. Isasaad sa itaas na bahagi ng bawat pahina ng abiso ang petsa ng pagkakaroon ng bisa.

ANG MGA FORM NG PAHINTULOT PARA HUMILING NG MGA MEDIKAL NA REKORD (Mga Serbisyo sa Impormasyon sa Kalusugan) AY MAKUKUHA SA MGA SUMUSUNOD NA LOKASYON NG DPH:

San Francisco General Hospital and Trauma Center
Health Information Services,
Main Bldg. 5 Rm. 2B1
1001 Potrero Ave.,
San Francisco, CA 94110
(628) 206-4432

SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH (DPH) FULL NOTICE OF PRIVACY RIGHTS
KUMPLETONG ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PRIVACY
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: 07/14/2025

O SA LOKASYON KUNG SAAN KAYO TUMATANGGAP NG MGA SERBISYO

Lahat ng iba pang alalahanin at reklamo tungkol sa privacy:

DPH Office of Compliance & Privacy Affairs

101 Grove Street, Rm 400

San Francisco, CA 94102

(855) 729-6040 (toll-free)

Saan maghahain ng reklamo tungkol sa privacy sa pederal na gobyerno

Tingnan kung paano maghain ng reklamo tungkol sa privacy o seguridad ng impormasyon sa kalusugan: https://www.hhs.gov/hipaa/filing-a-complaint/complaint-	<u>Para sa mas mabilis na tugon, gamitin ang online portal.</u> Link para maghain online ng reklamo tungkol sa privacy o seguridad ng impormasyon sa kalusugan: https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf
Address para magpadala ng reklamo: Centralized Case Management Operations U.S. Department of Health and Human Services 200 Independence Avenue, S.W. Room 509F HHH	